

Pagabay sa Pag Lalaro ng Iyong Kuting

Isinulat ni Dr. Sheila Segurson, DVM

Isinalin sa Filipino ni Mary Zapata - Volunteer Translator ng Philippine Animal Rescue Team (PART) at Phoenix Legacy of Compassion

Ang paglalaro ay isang napaka mahalaga at masayang parte ng buhay ng isang kuting. Ang pagtuturo sa iyong kuting ng tamang paglalaro at pakikipaglaro sa kanya araw-araw ay magbibigay ng angkop na aktibidad upang mapaglalabasan ng kaniyang enerhiya. Upang maiwasan ang pagkakataon na hanapin niya ang kamay at paa ng tao bilang laruan, huwag kailan man makipaglaro sa iyong kuting gamit ang iyong mga kamay at paa. Sa isip ng iyong kuting, hindi niya mapagiiba ang mapaglaro sa masakit na kalmot. Hindi niya maiintindihan na hindi dapat nguyain o kagatin ang tao maliban nalang kung ituturo mo ito sa kanya.

Kung nilalaro ng iyong kuting ang iyong mga kamay at paa, huwag itong galawin (mas aatakin niya ang gumagalaw na bagay) at sabihin ang “Aray!” ng malakas. Pagkatapos ay maglabas ng isang interactive na laruan, katulad ng isang feather na nakakabit sa isang patpat, at masiglang makipaglaro sa kanya. Itinuturo mo sa kanya na hindi nakakatuwang laruin ang iyong kamay, ngunit ang mga interactive na laruan ay nakakatuwa dahil ito ay may kasamang hamon.

Kailangan ng mga kuting ng aktibong paglaro at gusto nila ng mga bagong bagay, kaya maaring bumili ng iba’t ibang klase ng interactive na laruan upang iyong malaman kung ano ang pinakamagugustuhan niya. Dapat mong laruin ang iyong pusa gamit ang mga laruan; huwag itong iwanan lang sa kanya at asahan na lalaruin niya ito ng mag-isa. Kung hindi siya interesadong laruin ito sa mga unang araw, bigyan mo siya ng panahon, at sumubok ng magkakaibang laruan.

Isang paraan para hindi siya magsawa sa kanyang mga laruan, ilagay ang ilan dito sa isang lugar na hindi niya maaabot. Sa gayon, ito ay bago na naman sa paningin niya at magbibigay sa kanya ng panibagong sigla kapag ito ay iyong inilabas para laruin siya. Kapag nagiwan ka ng mga laruan sa paligid ng bahay para kanyang laruin, pagpalit-palitin ito kada ilang araw para bago uli ang paningin niya dito. Ang mga laruan na naghihikayat gumamit ng maraming pandama (katulad ng paningin, pang-amoy, pandinig, pakiramdam) ay madalas na nakakaaliw para sa mga kuting. Kung regular kang nakikipaglaro sa iyong kuting, naisasali mo siya sa isang nakakatuwang aktibidad bago ka pa niya atakihin.